フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 175

Ika-4 ng Disyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL : 054-221-3715

## Kampanya para Mawala ang Pag-aalala sa Krimen Ipinatupad na!

Sa iba't ibang lugar sa lalawigan!

**Oktubre 11 (Linggo)～20 (Martes)**

### ★ Layunin

Upang makapamuhay ng ligtas at matiwasay ang mga mamamayan ng lalawigan, mahalagang malaman ng lahat na "ang sariling kaligtasan ay pansariling pangangalaga" at ang mga pansariling iwas-krimen na gawain ng mga mamamayan ay kailangan na kailangan. Para masuportahan ito, nagsasagawa ng pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa mga naganap na krimen, impormasyon sa pag-iwas sa krimen, paglalathala ng impormasyon at pagbibigay babala tungkol sa pag-iwas sa krimen para sa kaunlaran ng bayan sa lalawigan, mga lungsod at mga bayan bilang bahagi ng pagsasagawa ng kampanya.

### ★Pangunahing Paksa

Pangangalaga sa Kaligtasan ng Kabataan, Kababaihan at Matatanda

### ★Nilalaman ng Gawain



Pagsasagawa ng "pagsasanay para sa tagapamahala sa mga distrito" para malaman nila ang bukod tanging panloloko, pagnanakaw ng diumanong inspektor at aksidente sa trapiko na ginanap sa Kakegawa!



Panawagan ng mga paslit (estudyante sa Kindergarten) na ikandado ang bahay at sasakyan sa Omaezaki!




Pagpapaliwanag ng "Gawain sa Kaligtasan ng Mga Distrito sa Buong Bansa" at pamamahagi ng mga leaflet sa istasyon ng Izu Hakone Railways sa Mishima!

**Ipatupad natin ang ligtas at matiwasay na komunidad!**



# Ang Disyembre 6 (Linggo) ay itinalaga bilang "Araw ng Paghahanda sa Sakuna sa Lokal na Lugar"

Ang lalawigan ay nakaranas ng malaking pinsala noong mga nakaraan na naganap na Tonankai at Nihonkai Chubu na lindol.

Para magsilbing pagpupulutan ng aral ang pagsasanay, sinimulan ang pagsasanay sa paghahanda sa sakuna sa lokal na lugar noong 1983.

Bukod dito, simula noong 1986, itinalaga ang unang linggo ng Disyembre bilang "Araw ng Paghahanda sa Sakuna sa Lokal na Lugar" at isinasagawa ng mga lokal na samahan sa paghahanda sa sakuna ang pagsasanay sa kanilang lugar.

## ~Paghahanda sa Iwas-Krimen sa Panahon ng Sakuna~

Sinasabi na maaaring maganap ang malakas na lindol sa Shizuoka dulot ng Nankai Trough. Pagkatapos ng malaking kalamidad, may pangamba na maganap ang pagnanakaw sa walang taong bahay at tindahan kaya mahalaga na pag-isipan natin ang mga hakbang para iwas-krimen.

### ★Paghahanda① Lubusan ba ang hakbang para iwas "akyat bahay"?



・Pagdikit ng iwas-nakaw na film sa salamin ng bintana at pagkabit ng grills sa bintana.

・Pagkabit ng dobleng kandado sa pintuan at bintana. (Deadbolt na kandado)

・Batiin ang mga taong hindi madalas makita sa lugar na tinitirhan.

### ★Paghahanda② Aktibo ba kayong lumalahok sa mga pagsasanay sa paghahanda sa sakuna sa inyong lugar?



・Siguraduhin natin ang lugar na paglilikasan, paraan ng paglikas at pagpapatakbo ng pansamantalang tuluyan sa ating lugar.

・Kilalanin natin ang mga tao sa ating lugar at makipagtulungan sa kanila sa oras ng pangangailangan.

### ★Paghahanda③ Palagian nating i-tsek ang impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakuna at iwas-krimen na inilathala ng lokal na pamahalaan!




I-scan ang QR code dito!

**・App sa Pangkalahatang Pagpapahanda sa Sakuna ng Shizuoka 「Shizuoka Bōsai」**

Gamitin natin ang lubusang makakatulong na smartphone app sa panahon ng sakuna at maging sa pangkaraniwang panahon!

https://www.pref.shizuoka.jp/bousai/application.html

**・Shizuoka Jishin Bōsai Senta**

Muling binuksan noong Abril 2020! Pag-aralan natin ang tungkol sa kalamidad habang sinisubukan na maranasan ito!

https://www.pref.shizuoka.jp/bousai/e-quakes/index.html

**・Manwal sa Iwas-sakuna at Iwas-krimen 「Iwas-sakuna para sa mga Kababaihan」(Inilathala ng Kapulisan ng Shizuoka)**

「Aka mamori」 Unang pinagsama-sama Manwal para iwas-krimen para sa mga kabataan at kababaihan na madalas madaling mabiktima ng krimen sa panahon ng kalamidad

「Ao mamori」Unang pinagsama-sama Manwal para sa mga magpapalakad ng mga pansamantalang tuluyan kung paano patakbuhin ang pangsamantalang tuluyan na walang magaganap na krimen

https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/saigai/bosai.html

https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/saigai/7languages.html

"Iwas-sakuna para sa Kababaihan at Kabataan" ay nakalathala sa 7 wika!

## Siguraduhin natin ang ating paghahanda sa sakuna sa pamamagitan ng ng 'Araw ng Paghahanda sa Sakuna!